

DOST-FPRDI, lumagda ng TLA sa isang technology adopter

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-FPRDI

Isa sa mga dinebelop na teknolohiya ng Department of Science and Technology - Forest Products Research and Development Institute (FPRDI) ang malapit nang makita sa merkado.

Ito ay matapos lagdaan ang Technology Licensing Agreement o TLA ng FPRDI para mabigyan ng lisensya ang LAMBS Agri-Mechanicals na nasa Laguna para magamit, ma-produce, at/o ma-commercialize ang Bamboo Flattening Machine ng naturang ahensya.

Sa ilalim ng TLA ay binigyan ng DOST-FPRDI, bilang gumawa at may-ari ng flattening machine, ang LAMBS ng hindi eksklusibong karapatan at hindi maaaring ilipat na lisensya upang magamit, ma-produce, at/o ma-commercialize ang naturang makina sa Pilipinas sa loob ng limang taon mula sa araw na masimulan ng kumpanya ang pabrikasyon.

Ang LAMBS naman ay may mga obligasyon sa ilalim ng kasunduan katulad ng pagbabayad sa DOST-FPRDI ng licensing fee na katumbas ng 3% ng technology cost at ng 3% royalty mula naman sa net sales ng naturang makina.

Ang naturang TLA ay produkto ng DOST-FPRDI para sa programang HIRANG o Honing Innovations, Research, Agreements and Negotiations of Government-funded

Mga Nilalaman

Deadline para sa 2021 reg'l invention contest sa MIMAROPA, pinalawig hanggang Hunyo 27 **p2**
Rice mill sa Zamboanga Sibugay nakatanggap ng Php750K na pondo mula sa DOST..... **p3**
NorMin Innovation Center patuloy na umaarangkada..... **p4**



Unti-unti nang nakikilala ang mga engineered bamboo products dito sa Pilipinas o maging sa ibang bansa. (Litrato mula kay KJB Bitao; kuha mula E-Kawayan Center sa Alaminos, Pangasinan)

technologies na isang internship program na pinangungunahan ng DOST-Technology Application and Promotion Institute (TAPI). Layunin ng HIRANG na maitaas ang antas ng kakayahan, ugnayan, at kompetensya sa industriya ng mga DOST technology transfer officers.

Kumpara sa mas ma-trabahong tradisyunal na paraan ng paggamit ng adze o bolo, ang naturang Bamboo Flattening Machine ay isang mahusay at mapagkakakitaang paraan ng paggawa ng flattened bamboo. Ang nagawang materyal ay maaaring i-convert sa iba't ibang engineered bamboo components na maaaring gamitin para makagawa ng mataas na uri ng furniture, handicrafts, at building materials.

Ang naturang makina na may fabrication cost na P1.2 milyon ay maaaring makagawa ng 200 square meters ng flattened bamboo sa isang araw. Dahil dito, inaasahang malaki ang maitutulong nito para maisulong ang

paglago ng local engineered bamboo industry sa bansa.

Maaari ring gamitin ang flattened bamboo sa paggawa ng nonwoven bamboo textiles, face masks at filter, at upuan at lamesang maaaring gamitin sa mga paaralan. Ito ay malaking tulong din para mapunan ang requirement ng gobyerno na dapat ay 25% ng mga lamesa at iba pang furniture na ginagamit sa pampublikong elementarya at sekundaryang paaralan ay yari sa kawayan, gayundin sa pagsusulong ng gamit nito sa mga furniture, fixture, at iba pang construction requirements sa mga pampublikong pasilidad.

Upang matugunan ang pangangailangan sa raw materials, iba't ibang mga taniman ng kawayan ang itinatayo sa buong bansa sa tulong ng suporta mula sa gobyerno at pribadong sektor.

Ayos sa report ng DOST-Philippine Council for Agriculture, Forestry, Aquatic and

Deadline para sa 2021 reg'l invention contest sa MIMAROPA, pinalawig hanggang Hunyo 27

Ni Charlotte F. Pizarra, DOST-MIMAROPA

Pinalawig ng Department of Science and Technology-MIMAROPA (DOST-MIMAROPA) at Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang deadline sa pagsusumite ng mga entries para sa 2021 Regional Invention Contest and Exhibits (RICE) sa MIMAROPA hanggang ika-27 ng Hunyo 2021.

Inanunsyo rin ng DOST-MIMAROPA na ang 2021 RICE ay gaganapin na sa ika-10 hanggang ika-12 ng Agosto 2021. Una itong itinakda sa ika-25 hanggang ika-27 ng Mayo 2021.

Ngayong pinalawig na ang deadline, hinihikayat ng DOST-MIMAROPA ang iba pang mga imbentor, industrial designer, mananaliksik, at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong sektor na sumali sa mga sumusunod na kategorya: Outstanding Invention (Tuklas Award), Outstanding Utility Model (Unlad Award), Outstanding Industrial Design (Banghay Award), Outstanding Creative Research (Likha Award), at Outstanding Student Creative Research (Sibol Award) para sa mga mag-aaral ng high school at college.

Ang nangyaring pagbabago ng schedule ay ginawa upang mabigyan ng mas mahabang panahon ang mga interesadong kalahok na makumpleto ang kanilang requirements. Ayon sa ahensya, kadalasan sa kanila ay nahihirapan sa pagproseso ng mga kailangang dokumento dahil sa mga limitasyon ngayong pandemya.

Ngayong taon, pagtutuunan ang mga lahok na ayon sa kanilang tema na "Imbensyon at Inobasyon Para sa Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan, at Kinabukasan."



Makatatanggap ng parangal at pabuya na aabot hanggang PHP 50,000 ang mga mananalo sa kompetisyon. Sila rin ang magiging kinatawan ng MIMAROPA sa National Invention Contest and Exhibits (NICE) sa susunod na taon.

Ayon sa ahensya, maraming pagbabago ang masasaksahan sa kompetisyon alinsunod sa new normal. Lahat ng kaganapan sa kompetisyon ay gagawing virtual. Kasali na ngayong sa main criteria ng judging sa final round ang People's Choice kung saan ang mga mapapabilang sa final round ay magpapasa ng video presentation na ilalathala sa Facebook page ng Technology Application and Promotion Institute at mamarkahan base sa engagement rate nito.

Maaari na ring sumali ang mga Out-of-School Youths ngayong sa Creative Research category o sa Student Creative Research category. Makipag-ugnayan lamang sa ahensya upang maendorso sa kompetisyon.

Para makasali, kumpletuhin lamang ang mga hinihinging impormasyon sa opisyal na entry form: bit.ly/2021MIMAROPARICE. Ang mga alituntunin ay makikita sa cutt.ly/2021RICEDownloadableForm.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa DOST-MIMAROPA sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa official@mimaropa.dost.gov.ph o pagtawag sa numerong 09959726258.

DOST-FPRDI...

Mula sa pahina 1

Natural Resources Research and Development (PCAARRD) noong 2018, ang bansa ay may 39,200 hanggang 52,700 hektaryang taniman ng kawayan. Ang 58 porsyento nito ay forest lands, limang porsyento ay plantasyong pagmamay-ari ng gobyerno; pitong porsyento ay pribadong plantasyon, at ang 30 porsyento ay nasa pribadong lupain.

Sa tulong ng tamang pamamahala ng mga taniman at inobasyon sa processing, tiyak na malaki ang maitutulong ng bamboo

industry sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga magsasaka. Katunayan sa ibang bahagi ng Tsina, ang isang magsasaka na may isang hektaryang taniman ng kawayan ay maaaring kumita ng aabot sa USD30,000 o P1.5-milyon sa isang taon.

Ang DOST-FPRDI ay matatagpuan sa paanan ng Bundok Makiling sa Los Baños, Laguna. Sa pagkaunti ng forest resources ng bansa, ang ahensya ay hindi na nag-aaral tungkol sa mga trosong matatagpuan sa mga bundok

bagkus ay naghahanap ng mga bagong paraan upang magamit ang marami pang natitirang native plants, tree plantation species, at ibang natural materials upang matugunan ang pangangailangan ng mga kliyente nito. Ito ay para rin maipakita ang pangako ng ahensya na maprotektahan ang mundo.

Para sa iba pang impormasyon ukol sa DOST-FPRDI, bisitahin ang <https://fprdi.dost.gov.ph/>. (Impormasyon mula kay Rizalina K. Aralar, DOST-FPRDI)

Rice mill sa Zamboanga Sibugay nakatanggap ng PhP750K na pondo mula sa DOST

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-IX



Kasalukuyang itinatayo ang gusali ng rice mill at ang solar dryer.

Inaprubahan ng Department of Science and Technology-Region IX (DOST-IX) ang pagbibigay ng pondo sa isang rice mill sa Zamboanga Sibugay na nagkakahalaga ng PhP750,000.

Ito ay sa pamamagitan ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP, isa sa mga pangunahing programa ng DOST na nagbibigay ng tulong pinansyal at teknikal sa micro, small, and medium enterprises (MSMEs).

Dahil sa ibinigay na pondo ng DOST-IX, maaari nang makapag-prodyus ang mga makina sa rice mill ng sampung sako ng palay kada oras na may bigat na 60kg kada sako o katumbas ng 14 na sako ng bigas (25kg kada sako).

Dahil sa tulong-pinansyal na ito ay magkakaroon na sila ng sariling rice mill engine. Ayon kay Rogelio Nastor, may-ari ng Rogelio Rice Milling, sa loob ng limang taon ay nakakakuha lamang sila ng dryer at rice milling service sa pamamagitan ng pag-outsourcing sa katabing barangay.

Dahil nakadepende sila sa schedule ng kanilang service provider, madalas din umano na delay ang delivery sa kanila kaya bumababa ang kanilang produktibidad.

"In 2019, the price of fresh harvest palay decreased from P18.00 to P12.00 per kilo with an average of 5-10kg moisture deduction per bag. Because of the absence of a post-harvest facility, the farmers have lack of option but to sell the produce directly to the buyers," paliwanag ni Nastor. Dagdag pa niya, pinapayagan din nila ang ilang lokal na



Opisyal na ibinigay ni Provincial Science and Technology Center (PSTC)-Sibugay Director Jennifer A. Pidor (kanan), kasama si Melani Temonio (kaliwa), project coordinator, ang tseke na nagkakahalaga nang PhP 750,000.00 kay Rogelio Nastor (gitna), may-ari ng Rogelio Rice Milling.

magsasaka sa kanila na gilingin ang palay na napo-prodyus nila sa mas mababang presyo.

Bukod pa rito, dinisenyo rin ang kanilang rice mill upang maabot ang minimum na requirement na kailangan ng isang pamilya na katumbas ng isang sako ng palay.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag sa (062) 991-1024 (Regional Office) / (062) 955-0825 (PSTC-Sibugay) o i-text ang 0917 8494 214, o mag-email sa dost9info@gmail.com o bisitahin ang kanilang Facebook page www.facebook.com/DOSTRegion9. (Impormasyon mula kay Francis Melanie Temonio, DOST-IX)

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist/Photo Editing

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

FERDINAND M. CARTAS
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (632) 8837-2071 ext. 2148/Telefax: (632) 8837-2195.

NorMin Innovation Center patuloy na umaarangkada

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-X

Upang patuloy na mapaunlad ang metals and engineering industry sa Northern Mindanao, anim na kagamitan o equipment ang nadagdag sa Metals and Engineering Innovation Center (MEIC) ng Region X.

Kabilang sa nasabing mga equipment ay ang Rolling Machine, Shearing Machine, Press Brake, TIG Welding Machine, Power Hacksaw, at Electric Chain Hoist. Nakatalaga naman ang pagdating ng dalawang Computer Workstations na may CAD/CAE, Portable Plasma Cutter, at iba't ibang power tools.

Lahat ito ay bukas sa mga micro, small, and medium enterprises sa rehiyon.

Ang MEIC ay proyekto ng Department of Science and Technology - Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) na naglalayong makapagpatayo ng Metals and Engineering Innovation Centers sa limang rehiyon sa bansa.

Ang naturang inisyatibo ay dulot ng pakikipag-ugnayan ng DOST-X sa University of Science and Technology of Southern Philippines - Cagayan de Oro Campus at DOST-MIRDC. Layon nito na mapalakas ang pagtutulungan

ng DOST at mga unibersidad sa pagpapayabong ng innovation culture at kakayahan sa metalworking. Hangarin nito na mapataas ang competitive advantage ng buong rehiyon sa metals at engineering.

“Eventually, our researchers and services at MEIC will assist our MSMEs and metal manufacturers who lack knowledge and design in engineering. Food processors needing metal equipment can also avail of our services soon,” sabi ni Engr. Bronson Mabulay, coordinator ng MEIC. (*Impormasyon mula kay Julie Anne H. Baculio, DOST-X*).

Mga makabagong kagamitan o equipment para mapaunlad ang industriya ng metals and engineering sa mga rehiyon sa bansa.



Hydraulic Shearing Machine



Hydraulic Press Brake



Plate Roller